
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 15: Pagbuo ng Isang Kuwento na Katumbas nang Napakinggang Kuwento




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 15: Pagbuo ng Isang Kuwento na Katumbas nang Napakinggang Kuwento**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Dolly Jane B. Jamil, Rogelyn C. Gule

**Editor:** Cristy S. Agudera, Lorna C. Ragos

**Tagasuri:** Ignacio I. Jubahib Jr., Guillesar P. Villarente

**Tagawasto:** Mercy Y. Malarayap

**Tagalapat:** Jecson L. Oafallas

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Josephine L. Fadul, Janette G. Veloso, Christine C. Bagacay, Analiza C. Almazan, Lorna C. Ragos, Ma. Cielo D. Estrada, Cristy S. Agudera, Mary Jane M. Mejorada, Alma D. Mercado

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address:region11@deped.gov.ph / lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 15: Pagbuo ng Isang Kuwento na Katumbas nang Napakinggang Kuwento

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagbuo ng Isang Kuwento na Katumbas nang Napakinggang Kuwento.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang magaaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) **Pagbuo ng Isang Kuwento na Katumbas nang Napakinggang Kuwento!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pagaaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balikaral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Isang malugod na pagbati at nakaabot ka sa araling ito! Sa modyul na ito, matutuhan mong bumuo ng isang kuwentong katumbas nang napakinggang kuwento. Susukatin din ang iyong kakayahan sa pakikinig.

Magpatulong ka sa iyong kapamilya na nakatira o malapit sa inyong bahay para basahin sa iyo ang mga teksto o kuwento. Maaari ring gamitin ang audio format ng kuwento. Balikan mo ulit ang mga elemento ng kuwento na natutuhan mo sa mga naunang aralin upang mapalawak muli ang kakayahan mo na makabuo ng isang kuwento.

May mga pagsasanay akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang: nakabubuo ng isang kuwento na katumbas ng napakinggang kuwento (F3PN-Ij-10/ F3PN-IIj-10/ F3PN-IIIj-10/ F3PN-IVb-10).

## Subukin


Ipabasa sa isang miyembro ng iyong pamilya o ibang tao ang kuwento na may pamagat na "Ang Kabutihan ng Tao" na mababasa sa pahina 11. Pakinggan at unawaing mabuti ang kuwento upang masagutan ang sumusunod na mga gawain.

## Pagsasanay 1

Punan ang hinihingi ng concept web. Hanapin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat lamang ang letra ng tamang sagot sa bawat patlang sa sagutang papel.

a. Toby at Sid
b. Ang Kabutihan ng Tao
c. sa daan
d. Naging tunay na magkaibigan sina Tob at Sid.
e. Binigyan ni Toby ng pagkain, tubig at pera ang pulubi na si Sid.
f. Ipinagtanggol ni Sid si Toby mula sa mga magugulong kabataan.

Concept Web



# Aralin 1 — Pagbuo ng Isang Kuwento

## Balikan

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat kahit sa pinakasimpleng mga pahayag ang iyong mga sagot.

| Patnubay na Tanong | Mga Sagot |
|---|---|
| 1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento? | ____________________<br>____________________ |
| 2. Saan nangyari ang kuwento? | ____________________ |
| 3. Ano-ano ang pangyayari sa kuwento? | Simula:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Gitna:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>Wakas:<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

## Tuklasin

Ipabasa sa isang miyembro ng iyong pamilya o ibang tao ang kuwento na may pamagat na "Ang Umaga ni Ding" na mababasa sa sa pahina 12. Pakinggan at unawaing mabuti ang kuwento upang masagutan ang pagsasanay.

### Pagsasanay

Punan ang mga patlang ng tamang salita ayon sa napakinggang kuwento. Hanapin ang sagot mula sa kahon.

| | |
|---|---|
| bahay | Ding |
| nagpapaalam muna siya sa kaniyang pamilya | |
| nagdadasal at nagliligpit ng kaniyang higaan | |
| naliligo, nagbibihis, nag-aalmusal at nagsisipilyo | |

Si ________________ ay isang mabait at responsableng mag-aaral. Sa murang edad pa lang ay alam na niya ang kaniyang mga gagawin sa _________________bago pumasok sa eskwela.

Pagkagising niya sa umaga ay agad siyang

_________________________________________________________________

________________________________________________________________.

Pagkatapos, siya ay __________________________________

_________________________________________________________________

________________________________________________________________.

Bago umalis ng bahay, _______________________________

________________________________________________________________.

## Suriin

Sa pagbuo ng isang kuwento mula sa napakinggang kuwento, mahalagang basahin at unawain ang bawat pangyayaring nakasaad dito.

Napag-aralan mo sa nakaraang mga aralin na ang kuwento ay may pamagat,tauhan,tagpuan at mga pangyayari. Maaari mong balikan ang nakaraang aralin patungkol sa elemento ng kuwento upang matutuhan mo ang pagbuo ng isang panibagong kuwento. Suriin ang mga elemento ng kuwento na nasa concept web.

Concept Web

Pamagat
Ang Umaga ni Ding

Tauhan
Si Ding

Tagpuan
sa bahay

Pangyayari

Simula
Nagdadasal at nagliligpit si Ding ng kaniyang higaan.

Gitna
Si Ding ay naliligo, nagbibihis, nag-aalmusal at nagsisipilyo.

Wakas
Nagpapaalam muna si Ding sa kaniyang pamilya bago pumunta sa paaralan.

# Pagyamanin

Ipabasa sa isang miyembro ng iyong pamilya o ibang tao ang kuwento na may pamagat na "Ang Ibon sa Kakahuyan" na mababasa sa pahina 13. Pakinggan at unawaing mabuti ang kuwento upang masagutan ang mga tanong.

Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   a. Sam at Fe  b. Ted at Mel  c. Ben at Pam

2. Saan naganap ang kuwento?
   a. ospital
   b. palengke
   c. kakahuyan

3. Bakit nag-alala ang mga tauhan sa kuwento?
   a. nasunog ang mga kahoy
   b. nakakatakot ang kanilang dinaanan
   c. nahulog ang sugatang ibon mula sa puno

4. Paano nila binigyan ng solusyon ang kanilang pag-alala?
   a. Humingi sila ng tulong sa mga tao.
   b. Inalagaan nila nang mabuti ang ibon.
   c. Tumakbo sila nang mabilis dahil sa kanilang takot.

5. Anong kaugalian ang ipinakita ng mga tauhan sa kuwento?
   a. pagkamasunurin
   b. pagkamagalang
   c. pagkamaalalahanin

## Isaisip

Makabubuo ka ng isang panibagong kuwento mula sa napakinggang kuwento kung alam mo ang mga elemento nito.

Ang mga elemento ng kuwento ay ______________________________,

________________________________, ___________________________________

at _____________________________.

# Isagawa

Pakinggang muli ang babasahing kuwento na may pamagat na "Ang Umaga ni Ding" sa pahina 12. Pagkatapos, kopyahin ang kuwento at punan ang mga patlang ng mga sarili mong tauhan, tagpuan at mga pangyayari na may kaugnayan mula sa napakinggang kuwento.

Mga Paghahanda sa Umaga

Si _______________ ay isang masipag na bata sa kanilang _____________________. Napapangiti niya ang kaniyang pamilya sapagkat sa murang edad pa lang ay alam na niya ang kaniyang mga gagawin bago pumasok sa eskwela.

Pagkagising niya sa umaga ay agad siyang

_______________________________________________________________

______________________________________________________________.

Pagkatapos, siya ay __________________________________

_______________________________________________________________

______________________________________________________________.

Bago umalis ng bahay, ______________________________

_______________________________________________________________

______________________________________________________________.

# *Tayahin*

Kopyahin ang kuwento na nasa ibaba at punan ang mga patlang. Mula sa napakinggang kuwento na may pamagat na "Ang Kabutihan ng Tao", mag-isip ka ng sarili mong tauhan, tagpuan at mga pangyayari upang makabuo ka ng isang kuwento.

Ang Batang Matulungin

Si ____________________ ay isang mabait na bata sa kanilang lugar. Siya ay nakatira sa_________________________________.

Tumutulong siya sa kanilang bahay sa pamamagitan ng

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________.

Siya rin ay tumutulong sa mga gawain sa kanilang paaralan gaya ng _________________________________________________

_____________________________________________________________________.

Sa kanilang barangay, tumutulong rin siya gaya ng

______________________________________________________________________

_____________________________________________________________________.

## Karagdagang Gawain

Pakinggang muli ang babasahing kuwento na may pamagat na "Ang Ibon sa Kakahuyan" na nasa pahina 13. Nangyari ang kuwento sa araw ng Linggo. Mag-isip ng isang kuwento patungkol sa isa sa naging karanasan mo o ng ibang tao sa araw ng Linggo.

Sa Araw ng Linggo

## Ang Kabutihan ng Tao

ni: Dolly Jane B. Jamil

Habang naglalakad si Toby sa daan, napansin niya na may pulubi na umiiyak. Nilapitan niya ito.

"Bakit ka umiiyak?" tanong niya.

"Ilang araw na akong hindi nakakakain," sagot ng pulubi na si Sid.

"Huwag kang mag-alala, may dala akong pagkain dito," wika ni Toby.

Hindi lamang pagkain ang ibinigay ni Toby. Binigyan niya ito ng tubig at pera. Lubos ang pasasalamat ni Sid.

Ilang araw ang lumipas, may ilang kabataang naghahamon ng away kay Toby. Bigla siyang natakot dahil mag-isa lang siya. Mayamaya ay biglang napansin ni Toby na bigla na lamang nagtakbuhan ang mga bata dahil pinagalitan ito ni Sid. Tuwang-tuwa si Toby sa ginawa ni Sid.

"Salamat Sid," wika ni Toby.

"Salamat din Toby. Tama lamang na tulungan kita dahil mabait kang bata," sagot ni Sid.

Mula noon ay naging mabuting magkaibigan si Toby at Sid.

# Ang Umaga ni Ding

ni: Dolly Jane B. Jamil

Si Ding ay isang mabait at responsableng mag-aaral. Sa murang edad pa lamang ay alam na niya ang kaniyang mga gagawin sa bahay bago pumasok sa eskuwela.

Pagkagising niya sa umaga ay agad siyang nagdadasal at nagliligpit ng kaniyang higaan. Pagkatapos, inihahanda na niya ang sarili upang maligo at magbihis. Sabay-sabay silang nag-aalmusal ng kaniyang pamilya. Nagsisipilyo rin siya pagkatapos kumain at inaayos niya ang kaniyang sarili sa harap ng salamin.

Bago umalis ng bahay, nagpapaalam muna siya sa kaniyang pamilya. Laging napapangiti ang kaniyang mga magulang at kapatid dahil kaya na ni Ding na ihanda ang kaniyang sarili nang mag-isa.

## Ang Ibon sa Kakahuyan

ni: Dolly Jane B. Jamil

Tuwing araw ng Linggo, nakasanayan na ng magkapatid na Mel at Ted na pumunta sa kakahuyan upang magpahinga. Habang sila ay nagpapahangin sa ilalim ng puno, bigla na lamang na may bumagsak.

"Naku, may sugat ang ibon! Kawawa naman,"wika ni Mel.

"Hawakan mo siya Mel. Hahanap ako ng dahon ng maluggay panggamot sa sugat niya," wika naman ni Ted at agad na umalis.

Pagdating ni Ted, agad niyang dinurog ito at inilagay sa sugat ng ibon.

"Mamamatay ito kung pababayaan natin ito sa kakahuyan," alala ni Mel.

"Dalhin natin ito sa bahay upang mas maalagaan natin," sagot ni Ted.

Ilang araw ang lumipas, bumalik ang magkapatid sa kakahuyan at muli nilang pinalipad ang nasa kondisyon na ibon.

# Susi sa Pagwawasto

**RUBRIK SA PAGBUO NG ISANG KUWENTO MULA SA NAPAKINGGANG KUWENTO**

Panuto: Bilugan ang angkop na bilang sa bawat pamantayan.

3–Magaling
2–Katamtaman
1–Nangangailangan Pa ng Gabay

| | | | |
|---|---|---|---|
| May sapat na elemento ng kuwento gaya ng tauhan,tagpuan at pangyayari. | 3 | 2 | 1 |
| Magkakaugnay ang mga pangyayari mula simula,gitna at wakas. | 3 | 2 | 1 |
| Malinis at maayos ang pagkakasulat. | 3 | 2 | 1 |
| **Kabuuang Puntos** | | | |

**Subukin**
Pagsasanay 1
1. B
2. A
3. C
4. E
5. F
6. D

**Balikan**
(Nangangailangan ng pansariling sagot)

**Tuklasin**
1. Ding
2. bahay
3. nagdadasal at nagliligpit ng kaniyang higaan
4. naliligo,nagbibihis,n ag-aalmusal at nagsisipilyo
5. nagpapaalam muna siya sa kaniyang pamilya

**Pagyamanin**
1. B 4. B
2. C 5. C
3. C

**Isaisip**
Sagot:
Pamagat,tauhan, tagpuan at mga pangyayari

**Isagawa**
(Nangangailangan ng pansariling sagot)

**Tayahin**
(Nangangailangan ng pansariling sagot.Tingnan ang rubrik)

**Karagdagang Gawain**
(Nangangailangan ng pansariling sagot.Tingnan ang rubrik)

## *Sanggunian*

Alde,Amaflor,Lea Agustin,Aireen Ambat, Josenette Brana, Florenda Cardinoza, Dolorosa Castro,Modesta Jaurigue, Louiegrace Margalio, Natasha Rae Natividad, Ronald Ramilao, Cynthia Reyroso,Agnes G. Rolle, Marcelita Salazar, Jenny-Lyn Trapane.Batang Pinoy Ako: Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 3, Pasig: Lexicon Press,Inc..2017.17-19.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph